**Part 6: Ang Tungkol Sa Economiya**

**6.3 INVESTMENTS**

Sa ating nakaraang lesson napag-aralan natin na tayo ay dapat maging masigasig at masipag sa pagtatrabaho at hindi dapat batugan kung gusto nating magkaroon ng magandang kinabukasan.

Ang ulirang maybahay na ating nakilala sa Proverbs 31 ay nagsisilbing halimbawa ng isang matagumpay na tao na may pang-unawa sa prinsipyong ito ng Diyos. Bukas ang kanyang palad para sa mahihirap at pinaaabot niya ang kanyang tulong sa mga may pangangailangan.

**TIME OUT**

1. Bakit dapat maging masigasig at masipag tayo sa pagtatrabaho?

   __________________________________________________

   __________________________________________________

2. Ano ang ipinakita sa atin ng huwarang maybahay na nakilala natin sa Proverbs 31?

   __________________________________________________

   __________________________________________________

**PAG-ISIPAN:**

| | |
|---|---|
| Ang aking alam | Ang ipinagkatiwala sa akin ng Diyos ay: |
| | Ang aking gagawin sa ipinagkatiwala sa akin ng Diyos ay: |

**PAG-ARALAN:**

Basahin ang maikling kwento at sagutin ang mga tanong.



Ang Talinghaga ng Salaping Ginto Lucas 19:11-26

Habang ang mga tao ay nakikinig, nagpatuloy si Jesus sa pagsasalita at isinalaysay niya sa kanila ang isang talinghaga. Si Jesus ay malapit na noon sa Jerusalem at inakala ng mga tao na darating na agad ang kaharian ng Diyos. Kaya't sinabi niya, "May isang maharlikang pumunta sa malayong lupain upang siya'y gawing hari, at pagkatapos nito, siya ay babalik. Subalit bago siya umalis, tinawag niya ang sampu sa kanyang mga alipin at binigyan ang mga ito ng tig-iisang gintong salapi. Sinabi niya sa kanila, 'Ipangalakal ninyo iyan hanggang sa aking pagbabalik.' Ngunit galit sa kanya ang kanyang mga nasasakupan, kaya't nagsugo sila ng kinatawan upang sabihin sa kinauukulan, 'Ayaw naming maghari sa amin ang taong iyon,' Gayunpaman ay ginawa rin siyang hari.

"Nang makabalik na siya at nagsimulang maghari, ipinatawag niya ang mga aliping binigyan ng gintong salapi, upang malaman kung magkano ang tinubo ng bawat isa.

Lumapit sa kanya ang una at ganito sinabi, 'Panginoon, ang isang gintong salaping ibinigay ninyo ay tumubo ng sampu,' 'Magaling,' sagot niya. 'Mabuting alipin! Dahil naging tapat ka sa kakaunting ipinagkatiwala sa iyo, pamamahalain kita sa sampung lungsod.'

Lumapit naman ang ikalawa at ang sabi, 'Panginoon, ang gintong salaping iniwan ninyo sa akin ay tumubo ng lima." At sinabi niya sa alipin, 'Mamamahala ka sa limang lungsod.'

Lumapit ang isa pang alipin at ganito naman ang sinabi, 'Panginoon, narito po ang inyong gintong salapi. Binalot ko po ito sa panyo at itinago. Natatakot po ako sa inyo dahil kayo'y napakahigpit; kinukuha ninyo ang hindi sa inyo at inaani ang hindi ninyo itinanim. Sinagot siya ng hari, 'Masamang alipin! Sa salita mong iyan ay hahatulan kita. Alam mo palang ako'y mahigpit at sinasabi mo pang kinukuha ko ang hindi sa akin at inaani ko ang hindi ko itinanim. Bakit hindi mo na lamang idineposito sa bangko ang aking salapi? May tinubo sana iyan bago ako dumating.

At sinabi niya sa mga naroon, 'Kunin ninyo sa kanya ang gintong salapi at ibigay sa may sampu.' 'Panginoon, siya po'y mayroon nang sampung gintong salapi,' sabi nila. 'Sinasabi ko sa inyo, ang mayroon ay bibigyan pa, ngunit ang wala, kahit ang kaunting nasa kanya ay kukunin pa.'

- Ano ang ipinagawa ng hari sa sampung alipin?

________________________________________

________________________________________

- Ano ang ginawa ng unang alipin sa salaping ipinagkatiwala sa kanya ng hari?

  ______________________________________________

  ______________________________________________

- Ano ang ginawa ng ikalawang alipin sa salaping ipinagkatiwala sa kanya ng hari?

  ______________________________________________

  ______________________________________________

- Ano ang ginawa ng ikatlong alipin sa salaping ipinagkatiwala sa kanya ng hari?

  ______________________________________________

  ______________________________________________

- Ano ang ginawa ng hari sa ikatlong alipin?

  ______________________________________________

  ______________________________________________


- Bakit sinabi ng hari ang pangungusap na ito, "Kunin ninyo sa kanya ang gintong salapi at ibigay sa may sampu." Ano ang kanyang dahilan?

  ______________________________________________

  ______________________________________________

**PAG-USAPAN:**

Sinasabi sa Luke 12:48 na ang binigyan ng marami ay paghahanapan ng marami; ang pinagkatiwalaan ng marami ay hihingan ng mas marami.



Makikilala natin ang mga mayayamang Cristiano na may magandang kalooban sa Acts 4:32-35. Kung kinakailangang magbenta sila ng ari-arian dahil sa pangangailangan ng kapatiran, hindi sila nagdadalawang isip. Ginawa nila ang mabuting bagay na iyon sapagkat alam nila na ito ay ang kalooban ng Diyos para sa kanila noong panahon na iyon. Nauunawaan nila ang salita ni Cristo na nagsasabing, *Higit na pagpapala ang makapagbigay kaysa sa tumanggap.* (Acts 20:35)

Ang mga mananampalataya na hindi tinuturuan na magbigay ng ikapu sa gawain ng Panginoon ay malaking kakulangan para sa kanila sapagkat mayroong malaking pagpapala ang tinatamo ng mga matapat at masayang nagbibigay. Sinasabi ni Cristo na kapag ikaw ay nagbigay, ito ay ibibigay sa iyo. Isang mainam na takal, siksik at umaapaw ang ibubuhos sa iyong kandungan (Luke 6:38). Samakatuwid, ang marunong na tao ay magiging bukas ang palad



sa may mga pangangailangan sapagkat ang generousity ng Diyos ay hindi kayang lampasan ng tao.

Patungkol sa bagay nang paghahanap ng marami sa pinagkalooban ng marami, huwag nating isipin na ang lahat ng yaman ay kaloob o pagpapala ng Diyos. Alam natin na maraming pera na bunga sa sugal, pagbebenta ng droga, pagbebenta ng dignidad at iba pang mapagkakakitaan na sangkot ang mga masasamang gawain. At ang iba sa kanila ay nagtatangkang magbigay ng handog sa Diyos. Subalit hindi rin ito tatanggapin ng Diyos o ang anumang handog na galing sa masamang paraan.

Dumating ang araw na napapakinabangan na nila Jenny at ang kanyang pamilya ang kanilang mga itinanim. Ito ay lumago ng lumago, dumami at nadagdagan pa. Hanggang sa isang araw ay sinabi ni Jenny sa kanyang ina na si Linda na sila ay maglagay ng mga naani na nilang pananim sa harapan ng kanilang tahanan upang ang mga nais bumili ay makakabili at ang wala namang pambili ay makakakuha. Pumayag naman ang ina ni Jenny. Ang mga mayayaman at may kaya sa lugar nila ay bumili ng mga gulay at prutas at ang mga wala namang pambili ay kumuha ng ayon sa kanilang pangangailangan. Laking tuwa ni Jenny at ng kanyang pamilya dahil bukod sa kumikita sila ay nakakatulong pa sila sa mga taong nangangailangan.

Basahin ang Hebrews 13:16. Sa iyong palagay, ang ginawa ba ni Jenny at ng kanyang pamilya ay nakapagbigay kaluguran sa Diyos? Ipaliwanag ang iyong sagot.

__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________



Sa ating nabasang parabula kanina, marami tayong matututuhan. Isa na rito ang prinsipyo na ang mabuti, tapat at marunong na katiwala ay tatanggap ng gantimpala sa huling husgahan. At, ang mga pinagkakatiwalaan ng resources o talento man ay nararapat na maging maingat at matalas sa pag-invest ng kanyang tinanggap. Katuiad ni Jenny na ginamit ang kanyang talent sa

pagtatanim, ito ay lumago at napakinabangan niya, ng kanyang pamilya pati na rin ng ibang tao.

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Kung ikaw ay pagkakatiwalaan ng malaking halaga. Ito ba ay iyong papalaguin o wawaldasin na lang? At bakit?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

2. Basahin ang Mark 12:41-44, Ano ang mahalagang bagay na iyong matututuhan dito?
   ______________________________________________
   ______________________________________________

3. Ano ang ipinagkatiwala sa iyo ng Panginoon na pinapalago mo ngayon?
   ______________________________________________
   ______________________________________________

<table>
<tr><td rowspan="2">Natutuhan ko na</td><td>Ang ipinagkatiwala sa akin ng Diyos ay:</td></tr>
<tr><td>Ang aking gagawin sa ipinagkatiwala sa akin ng Diyos ay:</td></tr>
</table>

**Verse of the Day:**

Ang binigyan ng maraming bagay ay paghahanapan ng marami; at ang pinagkatiwalaan ng ng marami ay hihingan ng marami. ***Luke 12:48***